

PATNUBAY SA MISA



18 Disyembre 2015

SIMBANG GABI – Ikatlong Araw

Taong K

Nananalig sa mga Pangako ng Diyos

Ngayong ikatlong araw ng ating nobena, inaanyayahan tayong magnilay sa isa pang patunay sa katapatan ng Diyos sa Kanyang pangakong magpapadala ng isang Tagapagligtas na buhat sa angkan nina Abraham at David. Ang pagtutuunan ngayon ay si Hesus bilang siyang “supling ni David” na maghahatid ng kaligtasan sa bayan ng Diyos at siyang magiging “Emmanuel” – Diyos sa ating piling.

Inulit ng Diyos ang Kanyang pangako sa panahon ng mahigpit na pagsubok, nang malimot na ng bayang Israel ang mga pangako Niya kina Abraham at David. Ngunit ang Panginoon ay di nakalilimot ni sumisira sa Kanyang mga pangako. Ngayon, sa pamamagitan ng propetang si Jeremias, inuulit Niya ang pangakong pagpapadala ng isang Tagapagligtas na buhat sa angkan ni David, at sa Ebanghelyo, ipinahahayag Niya kay Jose, na inapo ng dakilang Hari, ang pagtupad dito.

Ang katapatan ng Diyos ay dapat na maging bukal ng pampalakas-loob sa ating lahat, lalo na sa mga panahon ng krisis at pag-aalinlangan. Dapat din itong maging paalaala sa ating makipagtulungan sa Kanyang plano, gaya ng ginawa ni Jose.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ang dakilang Hari nating si Kristo ay dumarating. Si Juan ang s'yang nagturing na siya ay tatanghaling Kordero sa paghahain.

Pagbati

P – Ang biyaya ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at pakikiisa ng Espiritu Santo ay sumainyo.

B – At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P – Natitipon bilang mag-anak ng Diyos ngayong ikatlong araw ng Simbang Gabi, tayo’y buong tiwalang manalangin para sa pagpapatawad ng Panginoon. (Manahimik sandali.)

P – Panginoong Hesus, ikaw ang supling na buhat sa angkan ni

David, na tuwina’y makatuwiran at banal sa lahat ng iyong gawin. Panginoon, kaawaan mo kami!

B – Panginoon, kaawaan mo kami!

P – Panginoong Hesus, ikaw ang Anak ng Birheng tinukoy ng propetang si Isaias. Kristo, kaawaan mo kami!

B – Kristo, kaawaan mo kami!

P – Panginoong Hesus, ikaw ang aming mahabaging kapatid at kasama sa paglalakbay. Panginoon, kaawaan mo kami!

B – Panginoon, kaawaan mo kami!

P – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B – Amen!

Papuri

B – Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin,

sinasamba ka namin, ipinagbunyi ka namin, pinasasalamat ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa dakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalangin Pambungad

P – Ama naming makapangyarihan, kaming naghihirap sa mga lumang pasanin dahil sa pagkakasalang sa ami’y umalipin ay palayain mo pakundangan

sa bagong pagsilang na dulot ng iyong Anak na aming hinihintay sapagkat siya ang namamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B– Amen!

**PAGPAPAHAYAG
 NG SALITA NG DIYOS**



Unang Pagbasa Jer 23:5-8

Maganda ang pagpapahayag ng pag-asa ng propetang Jeremias para sa mga nagdadalamhating bayan ng Juda: isang banal na inapo ni Haring David – ang Mesiyas – ay maghahatid sa kanila sa kapayapaan, pagkakaisa, at katarungan.

L– Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Jeremias

“Nalalapit na ang araw,” sabi ng Panginoon, “na pasisibulin ko mula sa lahi ni David ang isang sangang matuwid, isang hari na buong karununganang maghahari. Pairsalin niya sa buong lupain ang batas at katarungan. Magiging matiwasay ang Juda sa panahon ng kanyang pamamahala, at ang Israel ay mapayapang mamumuhay. Ito ang pangalang itatawag sa kanya: ‘Ang Panginoon ay Matuwid.’ ”

Sinasabi ng Panginoon, “Darating nga ang panahon na ang mga tao’y di na manunumpa nang ganito: ‘Nariya’t buhay ang Panginoong nagpalaya sa Israel mula sa Egipto.’ Sa halip, sasabihin nila, ‘Saksi ko ang Panginoon na nagpalaya sa mga Israelita mula sa lupain sa hilaga at sa lahat ng lupaing pinagtapunan ko sa kanila. Babalik sila sa sariling lupa at doon muling mamumuhay.’ ”

Ang Salita ng Diyos!

B– Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 71

B– *Mabubuhay s’yang marangal at sasagana kailanman!*

R. M. Velez



Ma-bu--bu-hay s'yang mara-ngal



at sa-sa--ga-na kay-lan-man!

* Turuan mo yaong haring humatol ng katuwiran, sa taglay mong kata-

rungan, O Diyos, siya’y bahaginan; upang siya’y maging tapat mamahala sa’yong bayan, at pati sa mahihirap maging tapat siyang tunay. **B.**

* Kanya namang ililigtas ang sinumang tumatawag, lalo yaong nalimot nang mga taong mahihirap; sa ganitong mga tao siya’y lubhang nahahabag; sa kanila tumutulong, upang sila ay maligtas. **B.**

* Ang Poong Diyos ng Israel, purihin ng taong madla; ang kaha-nga-hangang bagay tanging siya ang may gawa. Ang dakilang ngalan niya ay purihin kailanman, at siya ay dakilain nitong buong sanlibutan! Amen! Amen! **B.**

Aleluya

B– Aleluya! Aleluya!

Namumuno ng Israel, nagbigay-utos sa amin, halina’t kami’y sagipin.

Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Mt 1:18-24

Muntik nang naging hadlang sa plano ng Diyos na ang Kanyang Bugtong na Anak ay magbuhat sa angkan ni David nang magpasiya si Joseng kumalas sa kasunduang pakasalan niya si Maria. Ngunit, naayos din ang lahat, salamat sa ganap na pagiging masunurin ni Jose.

P– Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo

B– Papuri sa iyo, Panginoon!

Ganito ang pagkapanganak kay Hesukristo. Si Maria na kanyang ina at si Jose ay nakatakda nang pakasal. Ngunit bago sila nakasal, si Maria’y natagpuang nagdadalang-tao. Ito’y sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Isang taong matuwid itong si Jose na kanyang magiging asawa, ngunit ayaw niyang mapahiya si Maria, kaya ipinasiya niyang hiwalayan ito nang lihim. Samantalang iniisip ni Jose ito, napakita sa kanya sa panaginip ang isang anghel ng Panginoon. Sabi nito sa kanya, “Jose, anak ni David, huwag kang matakot na tuluyang pakasalan si Maria, sapagkat siya’y naglihi sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Manganganak siya ng isang lalaki at ito’y pangangalanan mong Hesus, sapagkat siya ang magliligtas sa kanyang bayan sa kanilang mga kasalanan.”

Nangyari ang lahat ng ito upang matupad ang sinabi ng Panginoon sa pamamagitan ng propeta:

“Maglililihi ang isang dalaga at manganganak ng isang lalaki, at tatawagin itong Emmanuel,” ang kahuluga’y “Kasama natin ang Diyos.” Nang magising si Jose, sinunod niya ang utos ng anghel ng Panginoon; pinakasalan niya si Maria. Ngunit hindi ginalaw ni Jose si Maria hanggang sa maipanganak nito ang isang sanggol na lalaki na pinanganlan nga niyang Hesus.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B– Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Panalangin ng Bayan

P– Pinangangalagaan tayong tuwina ng Diyos at lahat ng ginagawa Niya ay para sa ating kabutihian. Ngayong ikatlong araw ng ating Nobena, ihabilin natin ang ating sarili at ang buong sangkatauhan sa Kanyang makaamang pagmamahal. Manalangin tayo:

B– Panginoon, gawin Mo kaming masunurin sa Iyo!

* Para sa lahat ng Kristiyano: Habang naghahanda tayong magdiwang sa kapanganakan ni Hesus, mapagtuunan nawa natin ang anumang nagbubuklod, at hindi ang naghahati sa atin. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa Santo Papa, ating Obispo, at mga pinunong espirituwal sa ating pamayanan: Nawa maging inspirasyon sila ng kanilang mga kawan sa kanilang sigap at sigasig. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng bansa at samahang pandaigdig: Nawa patnubayan ang kanilang mga plano at gawain ng mga prinsipyo ng panlahat na kapatiran, pagkakaisa, at pagkakawanggawa. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng asawa at ama: Nawa pangatawanan nila ang kanilang pananagutan bilang magiliw na kasama ng kani-kanilang mga kabiyak, at kasangkapan ng kalinga ng Diyos sa kanilang mga anak, sa pagtulang sa halimbawa ni San Jose. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa ating lahat na natitipon dito upang ihanda ang ating mga puso para sa pagdating ni Hesus: Nawa maging bukal ng inspirasyon at pagkakaisa para sa lahat

ang magandang halimbawa ng ating buhay mag-anak. Manalangin tayo!

B.

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan. (*Tumigil sandali.*)

Manalangin tayo!

B.

P–Panginoong Diyos at Ama ng lahat, ipagkaloob Mo ang Iyong pagpapala sa lahat ng Iyong nilikhang kalarawan Mo. Aliwin ang mga nahahapis, bigyan Mo ng pag-asa ang mga nag-aagaw-buhay, at lahat ay pagkalooban Mo ng kapayapaan at biyaya sa ngalan ni Hesus na aming Panginoon.

B –Amen!

PAGDIRIWANG NG HULING HAPONAN



P– Manalangin kayo . . .

B–Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P–Ama naming Lumikha, ang pagdiriwang namin nitong paghahain sa iyo ay magpagindapat nawang kami’y pangibabawan ng ngalan mo upang kami’y maging marapat makasalo sa buhay na walang maliw ng Anak mong naging abang tao upang kami’y pagalingin sapagkat siya ang namamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –Amen!

Prepasyo ng Adbiyento II

P–Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat sa pamamagitan ni Hesuskristo na aming Panginoon.

Ang pagsusugo mo sa kanya ay ipinahayag ng lahat ng mga propeta. Ang pagsilang niya’y pinanabikan ng Mahal na Birheng kanyang Inang tunay sa kapangyarihan ng Espiritung Banal. Ang pagdating niya’y inilahad ni San Juan Bautista sa kanyang pagbibinyag. Ngayong pinaghahandaan namin ang maligayang araw ng kanyang pagsilang, kami’y nananabik at nananalangin lubos na makaharap sa kanyang kadakilaan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B –Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B–Aming ipinahayag na namatay ang ‘yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.

PAKIKINABANG



B– Ama namin . . .

P– Hinihiling namin . . .

B– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B– Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinaabang

P– Ito si Hesus, ating Tagapagligtas, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinaabang

(Ipahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Tatawaging Emmanuel ang Mesiyas na darating, ngalan n’ya’y ibig sabihin, “Ang D’yos ay sumasaatin upang tayo’y makapiling.”

Panalangin Pagkapakinabang

P– Ama naming mapagmahal, pinapakinabang mo kami sa dakilang pag-ibig mo na aming ipinagdiwang sa banal mong tahanang ito. Mapaghandaan nawa namin sa paraang marangal ang darating na dakilang kapistahan ng aming katubusan sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –Amen!

PAGWAWAKAS



P– Sumainyo ang Panginoon.

B –At sumaiyo rin!

P–Magsiyuko kayo habang iginagawad ang pagbabasbas. (*Tumahimik sandali.*)

Basbasan at pagpalain nawa ang lahat ng mga asawa at amang naririto ngayon. Maging bukal nawa sila ng lakas at pagkakaisa para sa buong mag-anak.

B –Amen!

P–Ingatan nawa kayong lahat sa Kanyang pangangalaga.

B –Amen!

P–Nawa’y tanglawan ng Kanyang liwanag ang inyong buhay.

B –Amen!

P–Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.


B –Amen!

P–Humayo kayo upang mahalina at paglingkuran ang Panginoon tulad ng ginawa ni San Jose.

B –Salamat sa Diyos!

2016 DESK CALENDAR

Executive at Junior Size



Nagtatampok sa pagdiriwang sa Taon ng Eukaristiya at ng Pamilya at “Jubilee of Mercy”

Mabibili na ngayon sa **Word & Life Center**, mga tindahan ng mga babasahing banal, at **National Book Store**

Simbang Gabi – Ikatlong Araw

SI JOSE – TUNAY NA MAY PANANALIG

Isang madilim na ulap ang nakabalisa sa tahimik na buhay ni **Jose**, isang karpintero sa Nazaret, na noon ay ipinagkasundo nang makasal kay Mariang pinakamagandang dalaga sa nayon. Di pa sila nagsasama kung kaya **totoo siyang nagulumihanang sa harap ng di inaasahang pagdadalang-tao ng kanyang katipan**. Kung ilang linggo siyang di mapalagay sa harap ng kanyang malaking pag-ibig kay Maria at ng tuksong harapin at sumbatan si Maria sa kanyang pagiging di-tapat at sa gayo'y maharap sa pagbato alinsunod sa Kautusan. (Sangguniin Deut 23:24-25.) Di niya maubos-ispin kung paanong nangyari ang gayon; ni wala rin siyang maisip na madaliang lunas sa gayong problema.

Ang iba, marahil, ay dagli na lamang maglalapat ng isinasaad sa Kautusan. Sa gayon, ang nasaktan nilang karangalan ay kanilang maibabangon, at ang ibang kababaihan ay maaaring magdalawang-ispin bago nila pagtaksilan ang kani-kanilang katipan . . . Subalit **si Jose ay maunawain at matalinong tao**. Tiyak, nagdasal siya nang gayon na lamang. Sa wakas, nakatagpo siya ng pinakamahusay na panlunas sa harap ng gayong mga pangyayari. **Hindi niya pakakasalan ni pararatangan si Maria; "tahimik" na lamang niyang pawawalang-bisa ang kanilang kasunduan** at walang ano mang paliwanag na ipahahayag sa mga tao. Sa palagay niya, iyon ang pinakadi-masakit para sa lahat ng kinauukulan.

Subalit **iba ang plano ng Diyos** at ipinahayag ito sa naguguluhang binata sa pamamagitan ng isang panaginip: di dapat mag-atubili si Jose sa

pagpapakasal kay Maria at opisyal niyang angkinin ang sanggol na isisilang, pagkat ang sanggol na ipinaglihi ni Maria ay lalang ng Espiritu Santo, at hindi ng sino mang tao. (Sangguniin Mt 1:20-21.) Kaya nga, nagbagong lahat ang kanyang unang plano.

Ang iba, marahil, ay hindi magpapahalaga sa gayong "panaginip." Ngunit **di na nagtanong pa si Jose. Hindi siya nanghingi ng "isang palatandaan"** na maaaring magpatunay sa pinagmulan ng gayong utos. **Sa laki ng kanyang pananampalataya, magaan sa loob na sumagot siya agad ng "Oo." Isinakripsyo niya ang sarili niyang plano at niyakap ang sa Diyos**. Sa gayon, siya ang napangasawa ng pinakabanal at pinakamagiliw na kabiyak, at nagtamo ng katangi-tanging pribilehiyong matawag na "Daddy" ng sariling Anak ng Diyos!

Tayo man, marahil, ay binabagabag din kung minsan ng masakit na pag-aalintangan. Nakakaisip tayo ng mga panlunas na salungat sa kagustuhan ng Diyos . . . Lyon ang panahong dapat tayong **magdasal para sa kaliwanagan**, tulad ng ginawa ni Jose. At makatitiyak tayong aakayin tayo ng Panginoon upang maunawaan natin ang nais Niya para sa atin. Saka naman tayo **buong kababaang-loob na makikiayon sa Kanyang plano at tatanggapin natin ang papel na ibinibigay Niya sa atin** alinsunod sa Kanyang matalino't mapagligtas na plano. Tinitiyak sa atin ni Joseng "Hindi ninyo ito pagsisihan" . . . at may katuwiran nga siya.

Jess P. Balon

Munting Kaalaman sa Adbiyento/Pasko

PAGPADALA NG MGA "CHRISTMAS CARDS"

Ang kaugaliang pagpapadala ng mga "Christmas cards" ay nagsimula sa **Inglatera** sa kalagitnaan ng ika-19 na siglo. Itinutunton sa dalawang tao ang ganitong kaugaliang Pamasko. Ayon sa ilan, si **William Egley**, isang Inggles na alagad ng sining, ang nagsimulang magdisenyo ng mga larawang-guhit na pambating Pamasko sa kanyang mga kaibigan noong 1842. Ayon din naman sa iba, ang unang gumawa ng "Christmas card" ay si **John C. Horsely** sa pakiusap ni Sir Henry Cole noong 1846.

Sinuman ang tunay na nanguna, ang gamit sa gayong pagbati ay nanatili sa loob ng maraming taon bilang pahat na pagpapaabot-galang at bating hango sa inspirasyong dulot ng mga siping buhat sa Bibliya sa batian ng magkakaibigan. Malaki ang naisulong ng ganitong kaugalian noong 1875 nang si **Louis Prang**, isang Alemang

manlilimbag na lumipat sa Estados Unidos, ay nagpasiyang magpalaganap sa mga Amerikano ng kaugaliang ito ng pagpapadala ng mga "Christmas cards." Mabilis itong tinanggap hanggang sa ito ay lumaganap nga sa iba pang panig ng daigdig. Sinasabing sa Estados Unidos lamang, taun-tao'y may mga tatlong bilyong "Christmas cards" ang naipamumudmod.

Ang paggawa ng mga "Christmas cards" ay isa



sa mga gawaing Pamasko na nakaganyak sa pagkamalikhain ng maraming mahihilig sa sining. Marami sa gawa nila ay mga obra maestra at nagtataglay ng mga mensaheng tunay na panrelihiyon. Marami rin, kung sa bagay, ang kasisilayan ng pawang makamundong kasiyahan lamang at walang ano mang kaugnayan sa pagsilang ni Kristo, maliban sa pagbating "Maligayang Pasko."



WORD & LIFE
PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, Sr. F. Santos, SMI, G. Ramos, R. Molmog, D. Daguio, V. David • Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: F. Edjan